

Ang Saligang Batas at Paggawa

I. Pambungad

Tapos na ang eleksyon 2007. At tuwiran, malinaw at walang pasubaling tinutulan ng mga botante ang mga kandidato ni Gloria at ng administrasyon sa Senado. Ngunit hindi ganito ang lagay ng kongreso. Tiyak na mayorya sa kongreso ay kaalyado ng administrasyon.

Di pa nga napapalis ang alikabok ng halalan, may mga nanalong kongresista na ang nagsasabi na itutuloy nilang muli ang pagsusulong ng chacha sa pagbubukas ng ika-14 kongreso.

Samantalang napigilan ang sayawan ng cha-cha noong 2006, bago pa man maituloy ang malakihang kilos-protesta ng simbahan, hindi malayong magtagumpay ang panibagong pagtatangkang ito ng administrasyon sa pagbubukas ng bagong halal na kongreso.

Sisikapin ng papel na ito na sagutin ang mga sumusunod na tanong:

- a. Anu-ano ang mga probisyon ng ating mga Saligang Batas mula sa Malolos Constitution hangang sa kasalukuyang 1987 Constitution ang pabor sa mga manggagawa?
- b. Ano ang mga limitasyon at posibilidad ng kasalukuyang Saligang Batas sa konteksto ng pagsusulong ng interes ng sektor-paggawa?
- c. Ano ang mga puna at posisyon ng mga organisadong kilusan sa loob ng sektor-paggawa sa panukalang baguhin kasalukuyang Saligang Batas?
- d. Anu-ano ang mga nilalaman ng Saligang Batas na nais baguhin ng sektor-paggawa kung sakaling magkaroon ng pag-amyenda rito?
- e. Ano ang mas kinakatigang paraan ng mga samahang manggagawa sa pagpapanibago ng ating Saligang Batas?

At mula sa kasagutan sa mga tanong na ito, ang papel ay magbibigay ng ilang rekomendasyon para sa hanay ng mga manggagawa una, tungkol sa mga maaaring lamanin ng pagbabago sa Saligang Batas na mas papabor sa kanila; at ikalawa, ay mga rekomendasyon na maaaring gawin ng kanilang hanay upang maging mas kapaki-pakinabang ang anumang pagbabago ng Saligang Batas, kung sakaling mangyari ito.

Pangunahing ginamit na batayan ng papel na ito ang mga sumusunod na dokumento:

1. Mga iba't ibang nalimbag na "position papers" ng ilang mga grupong manggagawa hinggil sa Cha-cha;
2. Mng 4 na Saligang Batas ng ating bansa;
3. ang mga panukalang pagbabago sa Saligang Batas ng administrasyon ni ERAP (CONCORD) at ni Gng. Arroyo (ConCOM);
4. Ang mga puna ng ilang grupong manggagawa sa mga pagbabago sa Labor Code at ang Panukalang amyenda sa Labor Code na inihain ni Kongresman Magtubo sa ika-13 kongreso; at

5. Ang mga Konstitusyong ng ilang piling bansa;

II. Maikling Balik-tanaw sa mga Probisyong Maka-manggagawa sa Ating mga Saligang Batas

- *Konstitusyong Malolos, (binuo noong ika-20 ng Enero 1899, sa Barasoain Church, Malolos Bulacan) sa panahon ng Unang Republika. Ito ang kauna-unahang konstitusyong republican sa buong Asya.. Iisa lamang ang kinatawag babae sa nagbalangkas ng Konstitusyong ito, si Trinidad Pardo de Tavera.*

Walang probisyon sa Konstitusyong ito na tuwirang tumutukoy sa karapatan at interes ng mga manggagawa. Dahil marahil sa katotohanan na nang panahong ginawa ang Saligang Batas na ito, halos kakaunti pa ang mga pabrika, at ang manggagawa bilang isang sektor ay di pa nararamdaman sa pambansang buhay panlipunan.

Bagaman sa **Artikulo 20, Seksyon 2 at 3:**

- *The right of association for purposes of human life and which are not contrary to public morals; and lastly,*
- *The right to send petitions to the authorities, individually or collectively.*

Ang nabanggit na dalawang probisyon ay maaaring gamitin sa karapatang magbuo ng mga samahan, tulad ng unyon, at ang karapatang kumilos nang sama-sama upang ipaabot ang mga hinaing ng sinuman o anumang grupo sa lipunan, ito ay para sa lahat at di lamang sa sektor-manggagawa.

- *Konstitusyong 1935, (sinulat noong 1934, at inaprobahan ng Phil. Commonwealth mula 1935-1946) at ginamit noong 1946 hanggang 1972 ng ika-3 Republika). Sa pagitan nito ay may binalangkas na Konstitusyong noong 1943, sa paggabay ng mga Hapon., at pina-iral hanggang matapos ang digmaan noong 1945. Hindi ito itinuturing na tunay na Konstitusyong dahil nagawa ito sa panahon ng giyera at sa pagsakop ng mga Hapon sa ating bansa.*

Ang pinakatukoy na probisyon lamang sa konstitusyong ito para sa paggawa ay nakasaad sa **Art. XIV (General Provisions) Sec. 6:**

“The State shall afford protection to labor, especially to working women, and minors, and shall regulate the relations between the landowner and tenant, and between labor and capital in industry and in agriculture. The State may provide for compulsory arbitration.”

Ang iba pang proteksyon para sa manggagawa ay nakapaloob na sa mga pangkalahatang probisyon tulad ng:

- **Art. II, Sec. 5. Katarungang Panlipunan:** *“The promotion of social justice to insure the well-being and economic security of all the people should be the concern of the State.”*
- **Artikulo III, Seksyon 6, 8 at 13:** hinggil sa karapatang magbuo ng mga samahan; mapayapang pagkilos nang sama-sama, at pagbabawal sa pagpapa-alipin (servitude)

Sa pangkalahatan, napakahina ng mga probisyon ng Konstitusyong ito sa pagsusulong at pangangalaga ng interes at karapatan ng mga manggagawa.

- *1971, Pag-amyenda sa Konstitusyon ng 1935 subalit di natapos. Sapilitan itong pinalitan ng Konstitusyon ng 1973 ni Marcos, sa konteksto ng Batas Militar.*

Mga tukoy na probisyon ukol sa paggawa ng Saligang Batas ng 1973:

Art. II (Declaration of Principles and State Policies), Sec. 9:

“The State shall afford protection to labor, promote full employment and equality in employment, ensure equal work opportunities regardless of sex, race, or creed, and regulate the relation between workers and employers. The State shall assure the rights of workers to self-organization, collective bargaining, security of tenure, and just and humane conditions of work. The State may provide for compulsory arbitration.”

Art. V, Section 3.

“It shall be the duty of every citizen to engage in gainful work to assure himself and his family a life worthy of human dignity.”

Tama naman na hubugin ang mga mamamayan sa responsibilidad na magtrabaho. Ngunit sa seksyong ito, para bang inilalagay sa balikat ng mga mamamayan lalo na ng mga manggagawa ang obligasyon na maghanap ng trabaho at mabigyan ng maalwang buhay ang pamilya.

Sa mga pangkalahatang probisyon na kasama ang paggawa at mga manggagawa:

Art. II, Section 6. *The State shall promote social justice to ensure the dignity, welfare, and security of all the people. Towards this end, the State shall regulate the acquisition, ownership, use, enjoyment, and disposition of private property, and equitably diffuse property ownership and profits.*

Section 7. *The State shall establish, maintain, and ensure adequate social services in the field of education, health, housing, employment, welfare, and social security to guarantee the enjoyment of the people of a decent standard of living.*

At sa buong **Artikulo III, Bill of Rights, lalo na ang Seksyon 7 at 9:**

Section 7. *The right to form associations or societies for purposes not contrary to the law shall not be abridged.*

Section 9. *No law shall be passed abridging the freedom of speech, or the press, or the right of the people peaceably to assemble and petition the government for redress of grievances.*

- *Na pinalitan naman ng Freedom Constitution na binalangkas ng mga tauhan ni Cory Aquino matapos pabagsakin ang diktadura ni Marcos. Pansamantala itong ginamit habang binabanghay at mabuo ang Konstitusyong 1987, ng isang Constitutional Commission na pinili ni Gng. Aquino.*

Mga tukoy na probisyon ng Konstitusyon 1987 tungkol sa paggawa:

Artikulo II, Patakaran ng Estado (State Policies) Seksyon 18:

“Naninindigan ang Estado na ang paggawa ay siyang pangunahing pwersang pangkabuhayan ng lipunan. Dapat nitong pangalagaan ang mga karapatan ng mga manggagawa at itaguyod ang kanilang kagalingan.”

Artikulo XIII, Katarungang Panlipunan at mga Karapatang Pantao (Social Justice and Human Rights), Paggawa, Seksyon 3:

“Dapat magkaloob ang Estado ng lubos na proteksyon sa paggawa, sa lokal at sa ibayong dagat, organisado at di organisado, at dapat itaguyod ang puspusang employment at pantay na mga pagkakataon sa employment para sa lahat.

Dapat nitong garantiyahan ang mga karapatan ng lahat ng mga manggagawa na magtatag ng sariling organisasyon, sama-samang pakikipagkasundo at negosasyon, mapayapa at magkakaugnay na pagkilos, kasama ang karapatang magwelga nang naaalinsunod sa batas. Dapat na may karapatan sila sa katatagan sa trabaho, sa makataong mga kalagayan sa trabaho, at sa sahod na sapat ikabuhay. Dapat din silang lumahok sa mga proseso ng pagbabalangkas ng patakaran at desisyon na may kinalaman sa kanilang mga karapatan at

benepisyo ayon sa maaaring itadhana ng batas.

Dapat itaguyod ng Estado ang prinsipyong hatiang pananagutan ng mga manggagawa at mga employer at ang kinatigang paggamit ng boluntaryong mga pamamaraan ng pagsasaayos sa mga hidwaan, kabilang ang pagkakasundo, at dapat ipatupad ang pagtalima rito ng isa't isa upang maisulong ang-katiwasayang-industriyal.

Dapat regulahin ng Estado ang ugnayan ng mga manggagawa at mga employer, dahil sa pagkilala sa karapatan ng paggawa sa karampatang kaparte nito sa mga bunga ng produksyon at sa karapatan ng mga negosyo sa makatwirang tubo sa mga pamumuhunan.”

Marami pang ibang mga probisyon na tumutukoy sa kagalingan o kapakinabangan ng sektor tulad ng mga sumusunod:

- **Artikulo II, Seksyon 9** (paglikha ng Estado ng mga polisiyang magtataguyod ng “full employment” upang makaahon sa kahirapan); **Seksyon 13** (proteksyon sa kabataan); **Seksyon 14** (pagkilala sa kababaihan at sa Artikulo XIII, **Seksyon 14**, tiniyak ang karapatan ng nila bilang manggagawa); **Seksyon 21** (para sa mga magsasaka);
- **Seksyon 8:** (karapatan sa pag-uunyon ng mga manggagawa maging pribado o pampubliko) at 16 (mabilis na disposisyon sa mga kaso);
- Mga probisyong tumutukoy sa **sektoral na representasyon: Artikulo VI, Seksyon 5** (party-list sa lehislatura); **Artikulo X, Seksyon 9** (sa pamahalaang-lokal);
- **Artikulo XV, Seksyon 3, #3** (sa pamilya, inulit ang karapatan ng pamilya sa “family living wage and income”).
- **Artikulo IX, B, Seksyon 2** (sa unang pagkakataon, tukoy na nakalagay ang karapatan ng mga manggagawa sa pamahalaan na mag-organisa at magbuo ng kanilang samahan)

Ito rin ang unang-unang pagkakataon, may mga probisyon para sa mga samahang-pantao (people’s organizations, na kung saan, ang mga unyon ay kabilang dito).

- **Seksyon 15.** Dapat igalang ng Estado ang bahaging ginagampanan ng malayang mga organisasyon ng sambayanan upang matamo at mapangalagaan ng mga taong-bayan, sa loob ng balangkas na demokratiko, ang kanilang lehitimo at sama-samang interes at hangarin sa pamamgitan ng paraang mapayapa at naaayon sa batas.

Ang mga organisasyon ng sambayanan ay mga asosasyong *bona fide* ng mga mamamayan na may subok na kakayahang itaguyod ang kapakanang pambayan at may mapagkikilalang pamiminuno, kasapian, at istruktura.

- **Seksyon 16.** Hindi dapat bawalan ang karapat ng sambayanan at ng kanilang mga organisasyon sa mabisa at makatwirang pakikilahok sa lahat ng mga antas ng pagpapasiyang panlipunan, pampulitika, at pangkabuhayan. Dapat padaliin ng Estado, sa pamamagitan ng batas, ang pagtatatag ng sapat na mga pamamaraan sa pakikipagsanggunian.

Kasama ang sektor-paggawa sa mga pangkalahatang probisyon katulad ng:

- **Artikulo II (Declaration of Principles and State Policies), Seksyon 9, 10 at 11:** hinggil sa katarungang panlipunan at ang responsibilidad ng estado na magbigay ng disentang pamumuhay sa lahat;
- **Artikulo XII (National Patrimony), Seksyon 1,3 at 6:** lahat ay ukol sa pagmamay-ari ng mga likas-yaman ng bansa na nasa kamay ng estado, at ang panlipunang-gamit ng mga pagmamay-ari; at ang
- **Artikulo XIII (Social Justice and Human Rights),** na siyang pinaka-sentrong diwa ng buong konstitusyon, sa pananaw mismo ng marami sa umugit ng nasabing Saligang Batas.

III. Mga Limitasyon at Posibilidad ng 1987 Constitution sa Konteksto ng Pagsusulong ng Interes ng Sektor-Paggawa

A. Mga Limitasyon:

Sa unang tingin, sapat na ang mga nakasulat sa kasalukuyang Saligang Batas at malaki pa nga ang naiunlad ng mga probisyon dito na nagtutulak ng interes ng mga manggagawa kung babalikan at ikukumpara sa Malolos, 1935 at 1973 Constitutions. Bukod sa malakas na deklarasyong nakasaad sa Art. II, Sec. 18, isang matingkad pang naidagdag sa 1987 Constitution ang hiwalay at espesyal na probisyon ukol sa Paggawa sa seksyon 3 ng Art. XIII, Katarungang Panlipunan at Karapatang Pantao, mula sa isa lamang probisyon ng 1973 Constitution (Art. II, Sec. 9). Gayun man, mula dito hanggang sa ilan pang probisyon ng Saligang Batas, may mga ilang limitasyon na magandang bigyan ng pansin sa konteksto ng ugnayan o gamit nito upang makatulong sa pagsulong sa pag-unlad at interes ng mga manggagawa.

1. Ang karamihan sa mga karapatang itinatakda ng Konstitusyon ay mas tinatamasa lamang ng mga manggagawang organisado at may employee-employer relationship.

Sa unang talata pa lang ng Art. XIII, Sec. 3, tinitiyak na kaagad ang proteksyon ng Estado sa lahat ng manggagawa "lokal at sa ibayong dagat, organisado at di

organizado”, tiniyak din ang pagtataguyod ng ”puspusang employment” (full employment) at ”pantay na mga pagkakataon sa employment para sa lahat” (equality of employment opportunities for all). Malinaw ang sinasabi ng probisyon ukol sa proteksyon lalo na sa mga karapatan nila na mas inisa-isa sa ikalawang talata ng probisyon ngunit, tanong ang pagiging para sa lahat nito, partikular sa lumalaking porsyento ng di-organisadong pwersa ng mga manggagawa. Marami sa bumubuo dito ay ang lumalaki ring porsyento ng manggagawang impormal na nuong 2003 ay 68% na ng may trabaho sa kabuuang lakas paggawa. Hindi makakaila na ang karamihang karapatan ng manggagawa na sinasabi ng konstitusyon at maging ng Batas sa Paggawa ay mas pinakikinabangan lamang ng mga manggagawang pormal at organizado. Basahin man ang buong probisyon ng Art. XIII, Sec. 3, malinaw na ang pinapalagay nito ang konteksto ng ugnayang employer-employee na wala sa ibang uri ng hanapbuhay. Pinapalagay rin ang pagkakaroon ng organisadong samahan ng manggagawa na may kapangyarihang makipag-ugnayan o makipagtawaran sa may-ari ng pagawaan na wala rin sa marami. Maaari pa rin namang sabihing nanatili ang karapatan ng lahat ng manggagawa (kasama ang tulad ng mga manggagawang impormal at self-employed) na magbuo o sumali sa mga samahan ngunit para lamang sa layuning ”mutual aid and protection” hindi sa layunin ng sama-samang pakikipagtawaran. Ang karapatan sa sama-samang pakikipagtawaran sa huli ay nakatali pa rin sa relasyong employer-employee at sa konsepto ng ”regular employment”. Ang Korte Suprema ang mismong naglinaw na ”ang tungkulin ng sama-samang pakikipagtawaran ay umuusbong lamang sa gitna ng may-ari (employer) at ng kanyang manggagawa (employee). Kung saan wala kaninumang partido ang maituturing na may-ari o manggagawa nino, walang tungkuling tulad nito ang umiiral. Di na kailangang idagdag pa, na kung saan walang umiiral na tungkulin sa sama-samang pakikipagtawaran, ang pag-ayaw na makipagtawaran ay hindi pagbali sa anumang karapatan.” (Allied Free Workers Union vs. Compana Marimima, 19 SCRA 258). Kung isang limitasyon sa maraming mga manggagawang impormal at di organizado ang karapatang bumuo ng samahang tulad ng unyon na may kapangyarihan sa sama-samang pakikipagtawaran, malaking tanong kung papaano nga ba sila makikinabang sa iba pang karapatan ibinibigay sa kanila ng Saligang Batas tulad ng karapatan sa sahod o kitang sapat para mabuhay, ligtas na kondisyon sa trabaho at kalusugan, panlipunang seguridad at katarungang panlegal.

2. Mahina ang salitang ginamit na ”magtataguyod” ng ”full employment” bilang papel ng Estado

Ang ikalawang limitasyon na kaugnay rin ng nabanggit na mga talata ng probisyon ng Art. XIII, Sec.3 ay ang konsepto ng pagtataguyod ng Estado ng ”full employment”. Iba yata ang pakahulugan ng ”pagtataguyod” sa dapat sana ay ”pagtiyak” na nagbibigay bigat sa tungkulin Estado na lumikha ng mga hanapbuhay para sa kanyang mga mamamayan. Ayon sa mga mananaliksik na nagsuri sa nangyayaring paglaki ng populasyon ng mga manggagawang impormal, isa sa mga dahilan ng patuloy na paglaki nito ay ang kawalang kakayahan ng pamahalaang lumikha ng hanapbuhay. Pinatutunayan ng mga estadistika ang layo ng inabot ng pamahalaang pangatawanan maski na ang ”pagtataguyod” na sinasabi ng Saligang

Batas. Bukod sa marami pa ring mga manggagawa ang kailangang lumabas para maging manggagawa sa ibayong dagat, malaking porsyento ng naitatalang paglaki ng datos ng may trabaho sa nakaraang mga taon ay mga trabahong kontraktwal (na tumatagal lamang sa tatlo hanggang limang buwan lamang) at mga trabahong nanggaling sa sektor ng serbisyo.

3. *Pagbabalanse ng karapatan ng manggagawa at may-kapital*

Ang ikatlong limitasyon ay makikita sa huling talata ng probisyon ng Art. XIII, Sec.3, "Dapat regulahin ng Estado ang ugnayan ng mga manggagawa at mga employer, dahil sa pagkilala sa karapatan ng paggawa sa karampatang kaparte nito sa mga bunga ng produksyon at sa karapatan ng mga negosyo sa makatwirang tubo sa mga pamumuhunan." **Kung babasahin ang talatang nauna dito, malinaw kung anong konteksto tinitingnan ng Saligang batas ang pagbabalanse ng parehong karapatan ng employer at manggagawa, ito ay sa prinsipyo ng "hatian ng pananagutan" ("shared responsibility").** Maganda ang diwa ng sinasabi ng mga talatang nabanggit, lamang, may ilang limitasyon ito batay sa mismong karanasan ng mga manggagawa na di tumutugma dito. Sa maraming pagkakataon, naging balakid sa karapatan ng mga manggagawa ang paggiit ng mga employers ng kanilang mga karapatan lalu na "sa makatwirang tubo sa mga pamumuhunan, at paglawak at paglaki" ("reasonable returns to investments, and to expansion and growth"). Isang napakalakas na ginagamit ng mga employer ang "management prerogative" bilang argumento upang proteksyunan ang kanilang interes. Pinagtibay pa ng Korte Suprema ang kahulugan ng "management prerogative" bilang "*freedom to regulate according to their discretion and best judgment, all aspects of employment, including work assignments, working methods, processes to be followed, working regulations, transfer of employees, work supervision, lay-off of workers, and the discipline, dismissal and recall of workers (San Miguel Brewery Sales vs. Ople, G.R. No. 53615, February 8, 1989)*" Isang kongkretong halimbawa ay kung papaanong matibay na ginamit ito ng Employers Confederation of the Philippines (ECOP) sa isinumite nilang posisyon sa nakabinbin pa ngayon na mga panukalang batas ukol sa pagpapatibay ng karapatan sa kaseguruhan sa pagtatrabaho na ginagarantyan ng Saligang Batas maging ng Batas Paggawa. (e.g. House Bill No. 999 entitled, "AN ACT STRENGTHENING THE CONSTITUTIONAL RIGHT TO SECURITY OF TENURE", na panukalang batas ni Rep. Miguel F. Zubiri) Ipinagtatangol ng ECOP ang paggamit nila ng mga manggagawang kontraktwal at seasonal sa pamamagitan ng pagsitas pa sa sinasabi ng isang desisyon ng Korte Suprema, "*While it is true that security of tenure is a constitutionally guaranteed right of the employees, it does not, however, mean perpetual employment for the employee because our law, while affording protection to the employee, does not authorize oppression or destruction of an employer. It is well settled that the employer has the right or is at liberty to choose who will be hired and who will be denied employment. The right of a laborer to sell his labor to such persons as he may choose is, in its essence, the same as the right of an employer to purchase labor from any person whom it chooses. The employer and the employee have an equality of right guaranteed by the Constitution. If the employer can compel the employee to work against the latter's will, this is servitude.*

If the employee can compel the employer to give him work against the employer's will, this is oppression. (Philippine Village Hotel vs. NLRC, 230 SCRA 429-430, 1994). Sa puntong ito, isang limitasyon ng pagpapakahulugan at pag-unawa sa diwa ng pagkakaiba ng konsepto ng “management prerogative” at prinsipyo ng “shared responsibility” na sinasabi ng Saligang Batas. Kaya marahil walang mababasa na “management prerogative” sa Konstitusyon sa dahilang mas nagpapakahulugan ang salitang “prerogative” ng eksklusibong pribelihiyo o kapangyarihan na di tugma sa prinsipyo ng “shared responsibility” na nagbibigay ng limitasyon sa hangganan ng gamit ng kapwa karapatan ng employer at manggagawa.

4. Ang napakalimitadong konsepto ng “Sahod na Sapat na Ikabuhay” (Living Wage)

Ikaapat na limitasyon ay ang partikular na karapatan ng manggagawa sa “sahod na sapat na ikabuhay” na tinitiyak ng Saligang Batas na nasa ikalawang talata rin ng Art. XIII, Sec. 3. Inulit at mas tiniyak pa nga ito sa partikular na probisyon para sa Pamilya sa Art. XV, Sec. 3, No. 3. “sahod na sapat ikabuhay ng pamilya”. Ayon sa isang akda, ang kasaysayan ng pakikibaka ng kilusang paggawa sa Pilipinas ay kasaysayan din ng kanilang pakikibaka para sa desente at makataong pasahod. Kaya nga nuong inilagay sa kasalukuyang Saligang Batas ang probisyong tumitiyak dito, malinaw na intensyon ng mga nagbalangkas nito na bigyang pundasyon at batayan ang pagkakaroon ng mga manggagawa at ng kanyang pamilya ng isang sapat at desenteng pamumuhay. Subalit, sa kabila ng mga pag-aaral na naisagawa, debate pa rin sa gitna ng pamahalaan, ng may-kapital at ng mga manggagawa ang tunay na kahulugan ng “sahod na sapat sa ikabuhay ng pamilya”. Limitasyon ang tunay at konkretong kahulugan ng linyang ito na isinasaad ng Saligang Batas. Limitasyon dito ang una, ang mismong balangkas ng isang tripartite body na nagmumungkahi ng mga patakaran sa minimum wage sa ilalim ng Kagawaran ng Paggawa. Ang representasyon ng manggagawa ay isa lang sa tatlong bumubuo nito. Maging ang kinatawan ng mga manggagawa ay pinili ng presidente at hindi nagmula sa mismong proseso ng pamimili sa loob ng sektor. Ikalawa, hindi rin nagkakaisa ang kilusang paggawa sa pagtontos at pagbibigay kahulugan sa “sahod na sapat ikabuhay ng pamilya”. At ikatlo, ang pangkalahatang polisiya ng pamahalaang ng “di panghihimasok” (“non-interventionist policy”) sa pagtatakda ng sahod sa mga pribadong sektor kung saan kahit sa pagpapatupad ng “minimum wage” pa lang ay marami na ang tahasang di tumutupad. Isang mas malaking tanong ang pagkakaroon ng bigat sa pagpapatupad kung sakali sa batayang “living wage” alinsunod sa Konstitusyon.

5. Ang masikip na puwang pa rin sa usapin ng representasyon ng mga manggagawa sa pag-ugit ng pamamahala

Ang ikalimang limitasyon ay makikita naman sa bago at maganda sanang probisyon ng kasalukuyang Saligang Batas na nagbibigay representasyon sa sektor sa pamahalaang nasyunal (bilang representante sektoral sa mababang kapulungan ng kongreso ayon sa isinasaad ng Art. VI, Sec. 5. #s1-2) at lokal na nibel (ayon naman

sa isinasaad ng Art.X, Sec. 9). Ang unang limitasyon rito ay porsyento ng representasyon, na tiyak na magiging maliit na boses lamang ng sektor sa kongreso (ayon sa Sec. 5. #2. “Ang kinatawang party-list ay dapat na binubuo lamang ng dalawampung porsyento ng lahat ng mga kagawad ng Kapulungan ng mga Kinatawan...”). Ikalawa, ang lawak ng naaabot ng representasyon. Sa Kongreso, magandang itanong ang tunay na naabot o gaano talaga ang kinakatawan sa kabuuang sektor manggagawa ng nakaupong representateng sektoral. Pantay bang naitutulak ang interes ng lahat ng manggagawa: organisado at di organisado, pormal at impormal, lokal at sa ibayong dagat? Ikatlo, ang pangkalahatang pag-unawa sa konsepto at hangganan ng gamit nito. Ang karapatan ng representasyon sa nasyunal at lokal na nibel ay nagpapalawak din sa kapangyarihang pulitikal ng sektor upang makilahok sa pagbalangkas ng panlipunang kaayusan at pag-unlad mula sa tradisyunal na representasyon na matagal ng napako lamang sa bakod ng mga planta’t pagawaan. Ngunit, gaano kalinaw sa nakararaming manggagawa ang kapangyarihang ito at gaano kaepektibong nagagamit ito sa pagtulak ng interes ng mga manggagawa lampas sa pabrika tungo sa lokal at nasyunal na nibel? Meron nga bang pangmalawakang adyenda sa ngayon ang sektor maging sa pamahalaang lokal, na kung magagamit lamang marahil kahit sa nibel ng mga lokal na ordinansa ay malaki tiyak ang maitutulong sa mga pagawaang sakop ng isang munisipalidad.

May limitasyon rin ang balangkas at sistema ng pamahalaan at ang pangkalahatang oryentasyon ng namumuno. Sa isang banda pinatitingkad ng pormang republika-presidensyal ang epekto ng pangkalahatang oryentasyon ng pangulo at ng kanyang pamunuan sa interes ng sektor ng manggagawa. Bagamat nakabatay sa representasyon, sa kaayusang republika, hindi ang mga mamamayan ang direkta o mismong nagpapaganap sa kanilang kapangyarihan kundi mga kinatawan na naihalal ng sambayanan sa mga halalan. At dahil presidensyal, malaki ang kapangyarihang ibinibigay sa presidente bilang punong tagapagpaganap. Sa puntong ito, madaling makita kung gaano ang lakas ng kapangyarihan ng isang pangulo sa sektor tulad ng paggawa at dito pumapasok ang oryentasyon ng namumuno. Direktang nasa ilalim niya ang mga kalihim ng bawat departamento na siyang bumubuo ng kanyang gabinete. Kaya nga, tulad ng sa Kagawaran ng Paggawa (Department of Labor and Employment) na siyang namamahala sa pagpapatupad ng mga batas sa paggawa. Katunayan nito ang maraming Executive Orders (E.O.) at Department Orders (D.O.) na minsan sumasagka sa karapatan ng mga manggagawa o minsan kung titingnan, hindi man direktang kabaligtaran sa sinasaad ng mismong Saligang Batas ay nagpapalabo naman ng tunay na kahulugan sa sinasaad at diwa ng pagkakasulat nito. Samakatuwid, limitasyon ang hangganan ng bilis at kayang itulak na mga batas at mga patakaran na magmumula sa sektor mismo, mas mabilis pa rin ang bagsak ng mga E.O. at D.O. kaysa sa mga panukalang batas galing sa lehislatura at sa mismong sektor. At syempre, ang mga maipapasang batas ay mas nagpapatibay at sumususog sa layunin at direksyon ng pamunuan.

6. Ang Kakulangan ng Labor Code.

Ang pangunahing batas na gumagabay sa paggawa, ang Labor Code, ay nakikita ng mga manggagawa bilang napakalimitadong pagsasakatuparan ng mga nilalamang probisyong pangmanggagawa sa Konstitusyon. Sa katunayan, iba't ibang bersyon na nag-aamyenda sa Labor Code ang inihain sa ika-13 kongreso. Ang mga panukalang pagbabago sa PD 442 o sa tinatawag na Labor Code ay marami ngunit ang pinakakomprehensibo ay mula sa dokumentong "Campaign for a Legislative Agenda" na sinulat ng Bukluran ng Manggagawang Pilipino, PKUP at NCL. At ito ay nailagay sa panukalang Batas na House Bill 2728 na inihain ni Kinatawang Renato Magtubo sa ika-13 kongreso.

Isa sa mga tagumpay na itinuturing ng hanay ay ang pagsasabatas ng "*An Act Strengthening the Workers' Constitutional Right to Self-organization*". Ito ang pinagsamang House Bill 1351 at Senate Bill 2466.

Subalit sa kabuuan, lahat ng samahang pangmanggagawa ay may malinaw na pagtingin na ang Labor Code ay kulang na kulang bilang pagsasakatuparan ng mga probisyon sa Saligang Batas na nagsusulong ng interes ng paggawa at malawak, mahaba, at matarik pa ang pakikibaka upang ito ay maamyenda pabor sa manggagawa.

B. Mga Posibilidad:

Hindi pa namamaksima ang pakinabang ng mga nakasulat na probisyon sa Saligang Batas, kung haharapin lamang ang mga nabanggit na limitasyon tulad ng paglilinaw, paggamit at pagpapatupad, maaaring marami pa silang pakinabang sa mga manggagawa, Pero magandang tingnan ang mga sumusunod na posibilidad:

- 1) Paglilinaw ng karapatan ng mga manggagawa sa kanyang lakas paggawa at sa pagmamay-ari at ang ugnayan nito sa sandaling mangamuhan siya sa may-ari, may isinusuko ba siyang karapatan o may nawawala sa kanya? Hanggang saan kayang itulak ng manggagawa ang kanyang karapatan? Malinaw ba sa sektor ang hangganan ng "management prerogative"?
- 2) Paglilinaw at pagtitiyak ng konsepto ng "full employment" at ang responsibilidad ng Estadong tiyakin ito.
- 3) Pagpapalawak ng sakop ng mga karapatan ng mga manggagawa at pagbibigay proteksyon dito, partikular at lalo na sa mga manggagawang impormal at di organisado.
- 4) Pagtitiyak at pagsasakongkreto ng "sahod na sapat ikabuhay ng pamilya".
- 5) Pagtulak sa pagpapanatili ng karapatan ng Estado at ng Pilipino, indibidwal o korporasyon sa pagmamay-ari, maganda na ang kasalukuyang hatian na 60-40 pabor sa Pilipino. Ang kakayahan lamang bang mangapital ng mga dayuhang

investor at mayamang korporasyon ang natatanging sagot upang mapaunlad natin ang ating ekonomiya? O mas pagmamadali lamang ito sa liberalisasyon at globalisasyon?

- 6) Malaking posibilidad din ang pag-aaral, pagsubok at pagmamaksima sa kayang ibunga ng epektibong representasyon mula sa lokal na pamahalaan hanggang sa nibel ng pamahalaang nasyunal. Maging ang kayang gawin ng bibigyang karapatang representasyon sa mga nasyunal at lokal na ahensyang pampamahalaan tulad ng representasyon ng party-list sa kongreso at mga sektoral na representasyon sa SSS, atbp. Sa totoo lang, hindi gaanong nakakapagsilbi sa hanay ang mga hinihirang na labor representatives sa ilang ahensiya ng gobyerno tulad ng SSS, Pag-Ibig, PhilHealth, etc. Sa obserbasyon, higit pa silang “accountable” sa naghirang sa kanila, kaysa sa sektor na kanilang kinakatawan.

IV. Ang Iba’t ibang Pananaw at Posisyon ng Kilusang Paggawa sa Konstitusyon at sa Cha-cha

A. Mga puna /obserbasyon ng mga grupong manggagawa sa kasalukuyang Konstitusyon

Marami sa mga grupong manggagawa ang kumikilala sa mga maka-manggagawa at pabor sa mahirap na mga probisyon ng Saligang Batas 1987. Kulang para sa kanila ang mga nilalaman nito upang lubos na maigalang, maprotektahan at maisulong ang interes ng paggawa, ngunit hindi rin maitatangi na kinikilala nila ang positibong elemento ng nasabing Saligang Batas.

Si Democrito Mendoza, tagapangulo ng Trade Union Congress of the Philippines (TUCP) ay nagpahayag na ang Saligang Batas 1987 ay “*one of few constitutions in the world with explicit provisions protective of workers.*”

Si Sonny Matula naman ng Federation of Free Workers (FFW) ay nagdagdag na “*the 1987 Constitution is activist in character. It contains provisions that balance the socio-economic disparities in favor of the poor and disadvantaged.*”

May pagkilala din sa mga positibong elemento/probisyon ang KMU sa Saligang Batas ng 1987. “Ang 1987 Constitution ay may pagkilala sa tungkulin ng estado na pangalagaan ang kagalingan ng mga manggagawa.”

Bagaman hindi tuwirang nagkomento sa Konstitusyon ng 1987, masasabi nating kinikilala ng APL na may kabutihan sa probisyon nito hinggil sa lakas-paggawa at sa pambansang kabuhayan, lalo na ang seksyon 1 at 2 ng Artikulo XII nito . Sabi nga ng APL sa kanilang pagkondena sa cha-cha ni Gloria, “*The APL warned Congress against*

*railroading any amendments to the Constitution, branding it as a political ploy to strengthen the ranks of the elite factions backing up Gloria Arroyo's embattled regime. At the same time it will pave the way for removing the Constitution's **provisions on national patrimony**.*" Isa pa sa mga pabor silang probisyon sa nasabing Konstitusyon ay ang sa Artikulo XIII na ayaw nilang maalis, manapa'y maaari pang paunlarin.

B. Mga Puna at Pananaw ng mga Organisadong Kilusan sa Paggawa sa Chacha

1. Nilalaman

Malinaw ang pagtanggap ng KMU sa panukalang ito ng administrasyong Arroyo mula sa punto ng kasarinlan, kabuhayan, at buhay-pulitika. Unang unang binatikos ng KMU sa chacha ni Gloria ay ang probisyon para sa manggagawa (1987 Constitution, Seksyon 18 Article II) na Sabi nga ng KMU sa kanilang praymer sa Cha-cha ni Gloria" ay pinasama ito sa pagdaragdag ng:

Sa ConCom proposal ginawang *"The State affirms labor as a primary social economic force. It shall promote the welfare of both workers and employers."*

Ang pagdaragdag ng huling salita sa huling pangungusap ay kinatatakutan ng KMU na pagmulan ng mga patakaran at batas na mapapangibabawan ng mga karapatan ng mga may-kapital (employers) ang mga batayang karapatan ng mga manggagawa.

Pagpapatuloy ng KMU,

Cha-cha ba ang solusyon sa krisis sa bansa?

• *Hindi. Hindi nito nireresolba ang mga pananagutan ni*

Gloria sa mamamayan

- o pandaraya sa eleksyon
- o pagnanakaw sa kabang yaman
- o paggamit ng "kapangyarihang diktatoryal"
- o pagpatay ng mga aktibista't mamamahayag

• *Hindi nito binabago ang umiiral na sistemang mala-pyudal at mala-kolonyal sa Pilipinas na kontrolado ng dayuhang monopolyo kapital at mga lokal na naghaharing uri (binigyang-diin ng sumulat)*

- o Walang patid na pagkalugi sa kalakal at pinansya
- o Atrasadong agrikultura
- o Bansot na industriya
- o Kawalan ng trabaho
- o Malawakang kahirapan

Hindi ibig sabihing maganda ang kasalukuyang Konstitusyon. Pero lalo pa nga itong palulubhain ng Chacha ni gloria sapagkat ito ay magsisilbi itong ibayong atake sa kabuhayan, sa karapatan at sa kalayaan ng mamamayan.

Hindi rin panig ang KMU sa pagkakaroon ng isang unitary legislature at sa sistemang federal. Muli, mula sa kanilang praymer:

- sa unitary system, mababawasan ang “checks and balances” (sa pagitan ng senado at mababang kapulungan ng kongreso, sa pagitan ng ehekutibo at lehislatibo) kayat mas maraming oportunidad para sa kurapsyon
- sa pederalismo lalong maiipon ang kapangyarihan sa mga naghaharing uri (hal. mga political dynasty ng mga MBKPML sa mga probinsya)

Sa isang panig, lubos din ang pagtangga ng APL sa charter change ni Gloria. Sabi nga nila sa kanilang pahayag, *“The APL warned Congress against railroading any amendments to the Constitution, branding it as a political ploy to strengthen the ranks of the elite factions backing up Gloria Arroyo's embattled regime. At the same time it will pave the way for removing the Constitution's provisions on national patrimony.”*

Katulad ng KMU, ang pagtangga ng APL sa chacha ay dahil sa malinaw sa kanilang hindi ito ang solusyon sa kasalukuyang krisis ng sambayanan, at ang sinasabing inisyatiba ay hindi tunay na mula sa ibaba kundi may basbas at pamumuno ng mga nasa itaas upang lalong palawigin ang kanilang sakmal sa kapangyarihan. Sabi nga nila sa kanilang pahayag noong 2002, *“But workers and the general public cannot be clearer in their demands – we want jobs and not terror wars, we want food on our tables and the realization of our collective rights to fair and decent wages and bargaining abilities, not elite-initiated ChaCha which will only benefit a few.”* Maaaring ihanay ito sa mga dahilan kung bakit nila tinaggihan ang chacha ni Gloria: dahil ang proseso ay hindi mula sa ibaba.

2. Proseso

Para sa APL, bagaman wala silang ipinapanukalang paraan o proseso ng pag-amyenda sa Konstitusyon, malinaw ang pagtangga nila sa People's initiative na ginamit noong nagdaang taon ng Sigaw ng Bayan dahil para sa kanila, ito ay mula sa inisyatiba at basbas ng Malacanang at mga nasa itaas kaysa tunay na tinig ng mga mahihirap at nakararami.

Samantala, ang TUCP naman ay aktibong lumahok sa People's Initiative ng Sigaw ng bayan. Ang totoo nito, isa ang TUCP sa mga pangunahing organisasyon ng Sigaw ng Bayan. Ibig sabihin, sinasang-ayunan nila ang proseso ng people's initiative. Ito ay malaking pagkakaiba sa naunang posisyon ng TUCP sa pag-amyenda ng konstitusyon sa panahon ni ERAP.

Samantala, ang Padayon ay tumangga sa CONCORD at sinabing *“According to the President, convening Congress to a constituent assembly is the easier and cheaper track. Indeed, easier, because the protection of national patrimony is historically not a big concern for most of the elite. And cheaper, because it will cost less to buy most members of Congress than throwing the whole question to the people through a more popular and*

lengthier process of a constitutional convention mode of amending or changing the Constitution. But if we are to engage truly the urgent issues of poverty eradication and empowerment of the poor majority, and economic development in the era of globalization, the people must be involved and must be empowered every step of the way. The far more popular and democratic process is calling a democratically elected constitutional convention whose decisions will be subject to a national referendum.”

Sa isang press statement ng BPM na pinamagatang **”Why Must Workers Dance the Cha-cha When Our Song Remains the Same?”**, noong Enero 7 2003, ipinahayag ni Rep. Rene Magtubo na :

“Workers will not support the current appeals to amend the 1987 Constitution for its grounds are merely to preserve and extend the political careers of the trapos.”

Subalit ang pagtutol sa cha-cha ay hindi nangangahulugan na para sa kanila, ang Saligang Batas ng 1987 ay perpekto at tunay na nagsasanggalang ng interes ng mga manggagawa. Pagpapatuloy niya,

“It is a Constitution that is premised on bogus and sham democracy. It is grounded on a pretense of granting “equal rights” to all and does not give primacy to the interest and welfare of the oppressed majority. To illustrate, the Charter guarantees the “right of private property” and the “right to a decent life” and places them at par with each other. Yet, it is the minority’s “right of private property” that denies a decent life to the toiling majority.”

3. Paglalagom

May mga grupo na nagtaguyod sa chacha ni Gloria tulad ng TUCP, sa pamamagitan ng People’s Initiative. Ngunit ang karamihan ay tutol dito, sa halos isang dahilan: na ang chacha ay magiging daan sa lalo pang pagpapalagnaw ng mga maka-mahirap at maka-manggagawang probisyon sa Konstitusyon, dahil nakikita nila na pangunahin sa dahilan sa pagaamyenda ng Konstitusyon ng mga nagdaang administrasyon ay pansariling interes upang mapalawig ang kanilang pag-upo sa kapangyarihan, at pagbubukas ng ekonomiya sa banyagang negosyo, na sa banding huli, kasama silang makikinabang.

Walang malinaw na panukalang posisyon ang mga samahan tungkol sa paraan ng pagaamyenda sa konstitusyon, ngunit malinaw ang pagtangga ng karamihan sa mga prosesong Constituent Assembly (CONASS), at sa pagiging manipulado ng Malacanang ang People’s Initiative at PIRMA na sinubukan nitong nagdaang dalawang administrasyon.

V. Panukala sa Pagpapanibago ng Saligang Batas sa Pananaw ng Sektor Paggawa

A. Nilalaman

Sa mga nalimbag na mga pahayag ng iba't ibang grupong pangmanggagawa nitong mga nagdaang taon, ang mga sumusunod ang mga pangunahing panukalang nilalaman sa mga nais baguhin sa ating Konstitusyon ng hanay-paggawa:

1. Karapatang mabuhay bago ang karapatan sa pribadong pagmamay-ari. (pampalit sa Article III, Seksyon 9)

Ang pagbibigay ng pangunahin, at walang pasubaling kahalagahan at respeto sa maalwang buhay para sa nakararami, kaysa sa pribadong pagmamay-ari. Bagaman hindi tinututulan ng mga nasabing grupo ang paggalang sa pribadong pagmamay-ari, isinusulong nila na ito ay ipailalim sa pangangailangan ng nakararami. Direktang mula ito sa pahayag at posisyon ng BMP noong 2003. (Private property as secondary to basic needs of the majority)

2. Ganap at Lubos na Karapatan sa Pag-uunyon.

Ang pagrespeto, pagsusulong at pagkilala sa lahat ng mga karapatan ng pag-uunyon, mula pag-oorganisa, makipagtawaran, hanggang sa pagkilos ng sama-sama tulad ng welga, mapa-pribado o mapa-publikong sector. Hanggang sa ngayon, hindi ito tinatamasa ng mga manggagawa sa ating sektor-publiko. Sa kanilang pagbatikos sa batas hinggil sa welga, isinusulong ng mga samahang ito proteksyon sa karapatan ng mga manggagawa na magwelga nang malaya, wala ang mga restriksyon nito sa kasalukuyan, na halos sumisiil na sa karapatang ito. (*respect, promotion and recognition of trade union rights of both private and public sector*)

Maaaninag ito sa pahayag ng APL hinggil sa pag-amyenda ng Labor Code:

- a) *Guarantee full trade union rights, including the right to collectively bargain and to strike, to public sector workers;*
- b) *Remove restrictions to the right to strike, including the repeal of the free ingress-egress provision. Furthermore, violation of CBA provisions restored within the ambit of unfair labor practices.*
- c) *Institutionalize trade union representation in all trade negotiations prior to making any commitments as well as in other government institutions whose policies/programs impacts on labor, both in the formal and informal sector.*

Ang TUCP, kasama ng iba pang samahang manggagawa na naging bahagi ng ConCom ay nagsulong na panatilihin ang mga probisyong panig sa sektor, at magdagdag ng mga probisyon para sa pagsasakapangyarihan ng manggagawa sa usaping pangkabuhayan. Makikita ito sa isang sipi ng pahayag ng TUCP:

“Labor representatives to Concom recommend retention of pro-worker provisions of 1987 Charter; cites need for workers economic empowerment through workers enterprises. The three also bat for the incorporation of provisions that shall guarantee the right of workers to have their rightful share of the countries economic activities. Mendoza underscored the need for the promotion of workers enterprises and people’s capitalism to ensure that workers are given a bigger share in the fruits of economic activities.”

Iba pang kongkretong panukala:

Ang TUCP, sa pahayag ni G. Mendoza ay nagsabi na *“Empowering people’s enterprises through cooperatives, workers enterprises, or even through workers part-ownership of private corporations will equalize the lopsided concentration of wealth in the country and contribute greatly in re-distributing wealth in the country.”*

Ang TUCP ay sang-ayon din sa pagpapalit ng struktura ng gobyerno mula **presidential patungong parlyamentaryo**. At sa pagdadagdag ng mga probisyon sa pagpapalakas pa ng karapatan ng mga manggagawa.

Sa isang panig naman, tinututulan ng FFW ang extensyon ng panahon ng paglilingkod ng mga hinalal na opisyaales.

Mula naman sa Padayon, na maaari nating ikabit ang posibleng posisyon ng mga kaalyado nilang samahang pangmanggagawa, kanilang isinusulong ang paglipat mula sa kasalukuyang anyo ng gobyerno **patungong parlyamentaryo, at bukas din sila sa kaayusang pederal**. Pahayag nila:

“What is needed is a shift to a parliamentary mode of government with proportional representation to allow more popular access and accountability in the system of governance. Electoral reforms must be strengthened to level the electoral playing field for party initiatives coming from the grassroots and the poor majority. The adoption of a federal system can also be studied as one option to make government closer and more accountable to the people below, and to correct regional imbalances in the assignment of national priorities and resources “(Concord or Discord, PADAYON statement on chacha, 17 September 1999).

Marami sa mga grupo ang tumutol sa mga pagsubok na baguhin ang Saligang Batas dahil ayaw nilang isama sa pagbabago ang mga probisyon sa National Patrimony na nakikita nilang siyang pangunahing target ng mga negosyante at pulitiko upang lalo pang buksan ang ating kabuhayan sa mga mas mayayamang bansa. Isa ito sa mga nilalaman ng Konstitusyon na nais nilang pangalagaan, bukod sa mga maganda at makamanggagawang probisyon ng ating kasalukuyang Saligang Batas.

B. Pamamaraan

1. Ang TUCP at ang FFW ay tutol sa pagbubuo ng kongreso bilang isang Constituent Assembly upang amyendahan ang Saligang Batas. Samantalang ang TUCP ay isa sa mga pangunahing tagapagsulong ng People's Initiative, dahil isa sila sa mga haliging kasapi ng Sigaw ng Bayan noong 2006.
2. Tutol ang APL sa nangyaring People's Initiative, at sa constituent assembly na sinubukang isulong ng kongreso bago mag-halalan 2007, at sa konteksto ng pagsasagawa nito.
3. Tutol din ang KMU sa cha-cha ni Gloria bagaman ang malaking dahilan ay hinggil sa nilalaman ng mga pagbabago at sa konteksto ng pagsasagawa nito

C. Paglalagom

Kung susuriin, walang malinaw na pinapaborang pamamaraan ang mga grupong manggagawa sa kung paano babaguhin ang Konstitusyon. Ang malinaw lamang ay, ang matinding pagtutol ng karamihan sa mga nagdaang pagtatangka na baguhin ang Saligang Batas, mula sa panahon ni Ramos hanggang sa kasalukuyang administrasyon. Sa pana-panahon, may ilang grupo na kumakatig sa mga nagsusulong ng pagbabago sa Saligang Batas.

Sa paglalagom, iba iba ang mga nilalaman na isinusulong na baguhin ng mga grupong manggagawa. Ngunit walang malinaw na probisyon sa Saligang Batas na nais baguhin ng sektor paggawa, nang may pagkakaisa. At wala ring isang kaparaanan na sinusulong ang buong sektor hinggil sa pag-amyenda ng Konstitusyon.

VI. Rekomendasyon at Hamon

Kung susuriin, napakaraming probisyon ang ating Saligang Batas ng 1987 na nagpoprotekta sa karapatan at interes ng sektor-paggawa. Bukod sa mga tukoy na probisyon para sa sektor, marami pa sa mga probisyong pangkalahatan na masasabing pabor sa sektor, bagaman, pangkalahatan, lalo na ang Artikulo sa Katarungang Panlipunan at Artikulo sa Bill of Rights. Sa paghahambing sa mga konstitusyon ng ilang mga bansa, masasabi na hindi pahuhuli ang ating Saligang Batas. (At hindi rin ang Saligang Batas na ito ang pinakamahaba, daig tayo ng sa Alemanya)

Ibig sabihin, ang patuloy na kakulangan sa pagsanggalang at pagsusulong ng karapatan at interes ng mga manggagawa sa ating bansa ay hindi dahil sa konstitusyon natin, kundi sa mga batas na naibalangkas ng kongreso (katulad ng Labor Code), at sa napakalaking kakulangan sa implementasyon ng mga batas. Ikalawa, ay ang napakahina o kawalan ng sigasig ng mga nagdaan at kasalukuyang administrasyon na isulong ang diwa ng ating Saligang Batas na pabor sa mga naghihirap at manggagawa.

Gayunpaman, may dalawang probisyon at ilang panukala ang papel na ito na dapat malinaw na maipahayag sa Konstitusyon kung sakaling ito ay mababago:

1. Pangangailangan ng isang probisyon na magtatakda na "responsibilidad ng pamahalaan na tiyakin ang isang "buhay na may kalidad" (quality of life) at hindi

- lamang "living wage" o "minimum wage" na dapat tamasahin ng mga mamamayan, at ipailalim ang karapatan sa pribadong pagmamay-ari, sa pagsasakatuparan nito, kung kinakailangan.
2. Pangangailangan ng isang probisyon na nagtatakda sa pamahalaan, na pangunahin niyang katungkulan na tiyakin na may sapat na probisyon sa ikabubuhay (unemployment/ illness pension) ang mga taong walang trabaho, nagkasakit, o nabaldado.
 3. Kung sakaling magkakaroon ng pag-amyenda sa Saligang Batas, mas makakabuti kung bawasan ang detalye sa mga probisyon, at maglaman lamang ito ng mga direksyon o prinsipyo, at iwanan sa paggawa ng mga batas ang mga detalye. Kadalasan, ang mga detalye sa hulihan ang siyang naglimita sa mga magagandang nilalaman sa unahan, ng mga probisyon ng ating Saligang Batas.
 4. Hinggil naman sa proseso, mas may pagkiling ang mga may-akda sa mga proseso ng pag-emyenda sa mga bahagi lamang ng Konstitusyon, kaysa sa lahatan at buong pagrerebisa nito; upang mas tiyak tayo na nauunawaan ng mga mamamayan ang binabago, at upang mas tiyak tayong may sapat na pag-unawa sila, sa panahong kailangan nilang bumoto o mamili ng mga probisyon. Sa isang tunay at wagas na People's Initiative (hindi katulad ng PI na isinagawa ng Sigaw ng Bayan), mas maraming mamamayan ang mag-aaktibo at makakalahok ng mas malalim at makahulugan. Sa People's initiative, amyenda lamang ang kaya nito, at hindi ang buong pagbabago ng Saligang Batas.

Panghuli, ilang mga hamon sa sektor-paggawa:

1. Gamitin ang oportunidad ng cha-cha tungo sa pagbibigkis at pagkakaisa ng kilusang paggawa. Nasa lakas ng pagkakaisa ang ikasusulong ng mga maka-manggagawang probisyon sa ating Saligang Batas at iba pang batas na gumagabay sa karapatan ng mga manggagawa tulad ng Labor Code; Hindi madaling maipasa ang mga tuwiran at dalisay na maka-manggagawang probisyon sa ating Saligang Batas kung hindi nagkakaisa ang tinig ng sektor-paggawa.
2. Gawing malawak na edukasyon ang posibleng pagbabago sa Konstitusyon lalo na sa ating mga kasapian. Magkaroon ng mga kopya ng mga saligang Batas at ilang mga dokumentong makakatulong sa mas malalim pagsusuri at masinop na talakayan sa isyung ito. Isang mulat na kilusang paggawa ang kailangan sa ganitong mga pagkakaton.
3. Maraming alyansang multi-sektoral ang maaaring mabuo sa mga ganitong gawain at kampanya. Nawa, ang mga grupong manggagawa ay aktibong lumahok dito, kahit hindi sila ang kinakailangang mamuno upang lalong makabuo o makabalangkas ng mas malawak na pagkakaisa ng mga mamamayang naghahirap at pinagkakaitan ng katarungan sa lipunang ito, upang may pagkakaisang isatinig ang ating mga pangarap at mithiin; mas tignan at gamitin ang ating pagkakatulad

(karanasan ng kaapihan at kahirapan), kaysa mga pagkakaiba (sa pananaw, ideyolohiya, atbp.)

4. Kung ang pagpapabago sa Saligang Batas ay isasagawa sa pamamagitan ng Constitutional Convention o constitutional commission, kaya ba ng kilusang paggawa na mamili ng kinatawan sa kanilang hanay, at ang mapili ay siyang ikampanya at suportahan sa eleksyon, o sa paggiit na sila ang kinatawan ng buong hanay sa komisyon? Sa ganitong paraan, ang sinumang mahahalal o mapipili ay maoobligang maging tinig ng buong kilusan, at hindi ng samahan nya lamang. Mas makakatiyak din ito ng panalo sa halalan, o sa seleksyon, kaysa sa posibleng ang iba't ibang kandidato ng mga grupo ay siya mismong maglaban-laban, at tuloy, ay baka walang maging kinatawan ang sektor.
5. Iisa lang ang babae sa mga kinatawan na nagbalangkas ng Saligang Batas ng 1898. Bagaman babae ang presidente ng Constitutional Commission na nagbalangkas ng ating kasalukuyang Saligang Batas, 6 lamang ang babae sa 47 kinatawan. Tiyakin natin na kalahati ng bilang ng kinatawan ay babae, sa ating hanay.
6. Paigtingin ang pakikibaka para sa pag-amyenda ng Labor Code upang maisulong ang mga probisyong tunay na maka-manggagawa.

Sinaliksik at Sinulat Nina:

Arsenio M. Garcia (arcygarcia55@yahoo.com)

Arnel Galgo (inaro35@yahoo.com)

References:

- *Philippine Labor Force Survey. NSO. 2006-2007.*
- *“Chacha ni Gloria: Saligang Batas Laban sa Masa”. KMU Education Department, July 2006.*
- *“APL Denounces the Twin Evils of CHACHA and Terror Bill”. 2006.*
- *“Manual ng Manggagawang Paralegal”. Sentro ng Alternatibong Lingap Panligal (SALIGAN). Q.C. 2005.*
- *Asper, Antonio C. “Better and Broader Workers’ Representation Through Social Movement Unionism”. ILS Conference on Philippine Labor Code. 2005.*
- *Amendments to the 1987 Constitution as Proposed by the House Committee on Constitutional Amendments, prepared by PCIJ. 2005.*
- *Proposed Revision of the 1987 Constitution, Consultative Commission, 2005.*

- *Matrix Comparing the Present Labor Code and other Proposed Labor Codes*. Ng Congressional Oversight Committee on Labor and Employment. 2005.
- “How to Screw the Workers in the Emerging Economy”, *APL Critique on the Report and Recommendations of the House committee on Labor and Employment*. 2005
- Tomboc, Bernadette M. “Management Prerogatives and Employee Participation”. *DLSU, Manila*. 2004.
- Bingham, Virgel C. “The Decline of Trade Unions and the Emerging Actors in Industrial Relations”. *UP, Q.C.* 2003.
- Azucena, Cesario Alvero, Jr. “Everyone’s Labor Code”. *Q.C.* 2001 Edition.
- Macaraya, Bach M. “The Philippines Workers’ Protection in a New Employment Relationship”. 2001.
- *CONCORD Report*. 1999.
- “ConCord or Discord: PADAYON Statement on the Chacha”, September, 1999.
- “Campaign for a Labor and Legislative Agenda”, *BMP, PKUP and NCL*, 1997.
- “Special Issue on Wages and Economic Policies for the Poor”. *Philippine Journal of Labor and Industrial Relations, UP-SOLAIR*. 1990.
- Villegas, Edberto. “The Political Economy of Philippine Labor Laws”. *Foundation for Nationalist Studies. Q.C.* 1988.